Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng mga gamot upang gamutin ang inyong karamdaman o kondisyon (ipinagpatuloy)	Mga gamot ng Medicare Part D		Maaaring may mga limitasyon sa mga uri ng gamot na sinasaklaw. Mangyaring sumangguni sa <i>Listahan ng Mga Covered na Gamot</i> (Listahan ng Gamot) ng Blue Shield TotalDual Plan para sa higit pang impormasyon.
	Tier 1: Mga Piniling Generic na Gamot (kasama ang mga piniling generic na gamot)	\$0 para sa 30 araw na supply.	Kapag kayo o ang iba pa na nagbabayad para sa inyo ay umabot na sa \$2,100, naabot na ninyo ang antas ng catastrophic coverage at \$0 na ang babayaran ninyo para sa lahat ng inyong gamot sa ilalim ng Medicare. Basahin ang <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa higit pang impormasyon sa antas na ito.
	Tier 2: Mga Generic na Gamot (kasama ang mga generic na gamot at mga biosimilar)	\$0 para sa 30 araw na supply.	
	Tier 3: Mga Piniling Branded na Gamot (kasama ang mga piniling branded na gamot, mga biosimilar, at ilang mga generic na gamot)	\$0, \$5.10, o \$12.65 para sa 30 araw na supply.	Para sa mga gamot sa Mga Tier 1, 2, 3 at 4, ang mga pinahabang araw ng supply ay available sa mga lokasyon ng network retail at pharmacy na naghahatid sa bahay. Ang halaga ng cost-sharing para sa mga pinahabang araw ng supply ay kapareho ng isang buwang supply. Hindi available ang mga gamot sa Tier 5 para sa pinahabang araw na supply. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang impormasyon. Maaari ninyong kunin ang inyong mga gamot sa isang network retail o pharmacy na naghahatid sa bahay.
	Tier 4: Mga Hindi Piniling Gamot (kasama ang mga hindi piniling branded na gamot, mga biosimilar, at ilang mga generic na gamot)	\$0, \$5.10, o \$12.65 para sa 30 araw na supply.	
	Tier 5: Mga Gamot na nasa Specialty Tier (kasama ang napakamahal na mga branded na gamot, mga biosimilar at mga generic na gamot na maaaring mangailangan ng espesyal na pangangasiwa at/o masusing pagsusubaybay)	\$0, \$5.10, o \$12.65 para sa 30 araw na supply.	



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng tulong sa paggaling o may mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan	Mga serbisyo ng rehabilitasyon	\$0	Kasama sa mga saklaw na serbisyo ang: physical therapy, occupational therapy, at speech language therapy. Ang outpatient na mga serbisyo ng rehabilitasyon ay ibinibigay sa iba't ibang outpatient na lugar, tulad ng mga outpatient na departamento ng ospital, mga independiyenteng tanggapan ng therapist, at Comprehensive Outpatient Rehabilitation Facilities (CORFs). Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Medikal na kagamitan para sa pangangalaga sa bahay	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Mga serbisyo ng dialysis	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
Kailangan ninyo ng pangangalaga sa paa	Mga serbisyo sa podiatry	\$0	Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga orthotic na serbisyo	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.



Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng durable medical equipment (DME) Tandaan: Hindi ito kumpletong listahan ng saklaw na DME. Para sa kumpletong listahan, makipag-ugnayan sa Customer Service o sumangguni sa Kabanata 4 ng <i>Handbook ng Miyembro</i>.	Mga wheelchair, mga saklay, at mga walker	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Mga nebulizer	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Kagamitang nagbibigay ng oxygen at mga supply	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
Kailangan ninyo ng tulong sa paninirahan sa bahay (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga serbisyo sa kalusugan sa bahay	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Mga serbisyo sa bahay, tulad ng paglilinis o housekeeping, o mga pagbabago sa bahay tulad ng mga grab bar	\$0	Kung kailangan ninyo ng karagdagang tulong sa bahay, makipag-ugnayan sa aming Mga Coordinator ng Pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan gamit ang numero ng telepono sa inyong ID card. Makikipagtulungan sila sa inyo upang ikonekta kayo sa Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (In-Home Supportive Services and Community Supports, IHSS) na nagbibigay sa inyo ng dagdag pang serbisyo upang panatilihin kayong ligtas at malusog sa bahay.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan ninyo ng tulong sa paninirahan sa bahay (ipinagpatuloy)	Pang-araw na kalusugan para sa nasa tamang gulang, Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Tamang Gulang (Community Based Adult Services, CBAS), o iba pang serbisyong pansuporta	\$0	Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng pang-araw na kalusugan para sa nasa tamang gulang o mga serbisyo ng CBAS, makipag-ugnayan sa aming Mga Coordinator ng Pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan gamit ang numero ng telepono sa inyong ID card. Makikipagtulungan sila sa inyo upang ikonekta kayo sa kung ano ang kailangan ninyo.
	Mga serbisyo ng rehabilitasyon sa araw	\$0	
	Mga serbisyo upang tulungan kayong mamuhay nang mag-isa (mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay o mga serbisyo ng tagapaglingkod para sa personal na pangangalaga)	\$0	Kung kailangan ninyo ng pangangalaga ng kalusugan sa bahay o mga serbisyo ng personal na pangangalaga, makipag-ugnayan sa aming Mga Coordinator ng Pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan gamit ang numero ng telepono sa inyong ID card. Makikipagtulungan sila sa inyo upang ikonekta kayo at tulungan kayong mag-apply para sa pangangalaga ng kalusugan sa bahay o mga serbisyo sa personal na pangangalaga.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga serbisyong chiropractic	\$0	Limitado sa 12 pagbisita kada taon. Kasama sa mga saklaw na serbisyo ang: • Mga pauna at kasunod na pagsusuri • Pagsasaayos gamit ang chiropractic • Pandagdag na mga therapy • Mga x-ray (chiropractic lang) Ang mga serbisyong hindi saklaw ng Medicare ay ibinibigay sa pamamagitan ng American Specialty Health Plans of California, Inc. (ASH Plans) ng mga kalahok na provider. Ang mga saklaw na serbisyo ay dapat tukuyin ng ASH Plans bilang medikal na kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon, o para makahanap ng kalahok na provider ng ASH Plans, maaari ninyong tawagan ang ASH Plans sa (800) 678-9133 [TTY: 711], Lunes hanggang Biyernes, 5 a.m. hanggang 8 p.m., Abril 1 hanggang Setyembre 30 at Linggo hanggang Sabado, 8 a.m. hanggang 8 p.m., Oktubre 1 hanggang Marso 31. Maaari din ninyong tawagan ang Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan o pumunta sa blueshieldca.com/find-a-doctor para maghanap ng kalahok na provider ng ASH Plans.



Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga supply at serbisyo sa diabetes	\$0	Ipakita sa inyong provider o pharmacist ang inyong Blue Shield TotalDual Plan at Medi-Cal Beneficiary na mga ID card. Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Mga serbisyong prosthetic	\$0	Malalapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot.
	Radiation therapy	\$0	Malalapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga serbisyo upang tulungan kang pamahalaan ang iyong sakit	\$0	



Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Pinagsamang Pamamahala sa Pangangalaga ng California (California Integrated Care Management, CICM)	\$0	Maaari ring tukuyin ng inyong mga coordinator ng pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan kung karapat-dapat kayo para sa CICM. Ang CICM ay isang programang partikular sa estado na nangangailangan ng pinagsamang pagsasaayos ng pangangalaga para sa ilang mahihingang grupo kabilang ang: • Mga Adultong Walang Bahay • Mga Adultong May Panganib na Ma-ospital o Magtungo sa Departamento para sa Emergency na Maaaring Maiwasan • Mga Adultong may Seryosong Sakit sa Kalusugan ng Isip at/o Problema sa Paggamit ng Bawal na Gamot • Mga Adultong Bagong Laya Mula sa Pagkakakulong • Mga Adultong nakatira sa Komunidad at Posibleng Mangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga • Mga Adultong Residente ng Nursing na Pasilidad na Bumabalik sa Komunidad • Mga Adultong Buntis o Postpartum at Napapaharap sa Mga Diskriminasyon sa Lahi at Etnisidad • Mga Adultong May Mga Pangangailangang Kaugnay sa Dementia na Suportado ng Dokumentasyon Para malaman kung kabilang kayo sa isa sa mga grupo ng CICM na ito at karapat-dapat na tumanggap ng pinahusay na suporta, tawagan ang inyong Coordinator ng Pangangalaga gamit ang numero ng telepono sa inyong ID card.



Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa May Hindi Gumagaling na Karamdaman: Pagkain at Produkto	\$0	Mayroon kayong \$60 na allowance kada buwan para sa pagbili ng malulusog at masusustansyang pagkain at produkto. Hindi maaaring malipat ang allowance na ito sa mga susunod na buwan. Ito ay isang Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa May Hindi Gumagaling na Karamdaman (Special Supplemental Benefit for the Chronically Ill, SSBCI) na nangangailangan ng pagtukoy kung karapat-dapat. Hindi lahat ng miyembro ay kwalipikado. Dapat ay matugunan ninyo ang isa o higit pang kundisyon para maging kwalipikado na matanggap ang benepisyong ito. Malalaman ng Plano kung karapat-dapat kayo para sa benepisyo ng Pagkain at Produkto sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyon mula sa inyong doktor o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong doktor para sa isang nilagdaang pahayag tungkol sa inyong kwalipikadong hindi gumagaling na kundisyon. Pakitingnan ang <i>Handbook ng Miyembro</i> ng Plano para sa mga karagdagang detalye.
	Delivery ng pagkain sa bahay	\$0	Pagkatapos ma-discharge mula sa inpatient na ospital o pasilidad ng sanay na pag-aalaga, sinasaklaw namin ang: • 22 pagkain at 10 meryenda para sa bawat pag-discharge • Ang mga pagkain at meryenda ay hahatiin hanggang sa dalawang magkahiwalay na pagpapadala kung kinakailangan • Ang saklaw ay limitado sa dalawang pag-discharge kada taon



Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)	NurseHelp 24/7	\$0	Magkaroon ng kumpidensyal na one-on-one na pag-uusap online sa isang rehistradong nurse, 24 na oras sa isang araw. Kapag mayroon kayong alalahaning medikal, isang tawag lang sa aming walang bayad na hotline ang kokonekta sa inyo sa isang rehistradong nurse na makikinig sa inyong mga alalahanin at tutulungan kayong makahanap ng solusyon. Tumawag sa 1-877-304-0504 (TTY: 711) 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo.
	Mga Over-the-Counter (OTC) na Bagay		Mayroon kayong allowance kada tatlong buwan na \$120 para sa mga OTC na gamot at supply na nakalista sa katalogo ng OTC Items. Ang mga bagay tulad ng aspirin, mga bitamina, mga paghahanda para sa sipon at ubo, at mga bendahe ay saklaw ng benepisyong ito. Ang mga bagay tulad ng mga pampaganda at mga food supplement ay hindi saklaw ng benepisyong ito. Ang katalogo ng OTC Items at mga tagubilin sa pag-order ay maaaring makita online sa blueshieldca.com/medicareOTC. Maaari kayong umorder ng mga bagay sa pamamagitan ng telepono sa (888) 628-2770 [TTY: 711], Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 a.m. hanggang 8 p.m. PST o sa online sa blueshieldca.com/medicareOTC. Ipapadala sa inyo ang inyong mga order nang walang dagdag na bayad. Maghintay ng humigit-kumulang 7 araw ng trabaho para sa delivery.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

Pangangailangan o alalahanin sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong gastos para sa nasa network na mga provider	Impormasyon hinggil sa mga limitasyon, pagbubukod, at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Karagdagang mga serbisyo (ipinagpatuloy)	Mga serbisyo upang tulungan kayong mamuhay nang mag-isa (mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay o mga serbisyo ng tagapaglingkod para sa personal na pangangalaga)	\$0	Kung kailangan ninyo ng pangangalaga ng kalusugan sa bahay o mga serbisyo ng personal na pangangalaga, makipag-ugnayan sa aming Mga Coordinator ng Pangangalaga ng Blue Shield TotalDual Plan gamit ang numero ng telepono sa inyong ID card. Makikipagtulungan sila sa inyo upang ikonekta kayo at tulungan kayong mag-apply para sa pangangalaga ng kalusugan sa bahay o mga serbisyo sa personal na pangangalaga.
	SilverSneakers Fitness	\$0	
	Emergency sa Buong Mundo/Agarang saklaw	20% na coinsurance	Hindi na kailangang bayaran ang 20% na coinsurance kung ma-admit ka sa ospital sa loob ng isang araw para sa kaparehong kundisyon. Walang pinagsamang taunang limit para sa saklaw na pang-emergency na pangangalaga o mga serbisyong kailangang-kailangang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos at sa mga teritoryo nito.

Ang nakasaad sa itaas na buod ng mga benepisyo ay para makapagbigay lamang ng impormasyon at hindi ito kumpletong listahan ng mga benepisyo. Para sa kumpletong listahan at higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Blue Shield TotalDual Plan. Kung wala kayong *Handbook ng Miyembro*, tumawag sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711) upang makakuha ng isa. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari rin ninyong tawagan ang Customer Service o pumunta sa [blueshieldca.com/medicare](https://www.blueshieldca.com/medicare).



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

D. Mga benepisyong saklaw sa labas ng Blue Shield TotalDual Plan

May ilang mga serbisyo na makukuha ninyo na hindi saklaw ng Blue Shield TotalDual Plan ngunit saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o ng ahensya ng Estado o county. Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Customer Service sa 1-800-452-4413 (TTY: 711) upang alamin ang tungkol sa mga serbisyong ito.

Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado	Ang inyong mga gastos
Assisted Living Waiver (ALW) Ang Assisted Living Waiver (ALW) ay isang waiver ng Home and Community-Based Service (HCBS) na nilikha para sa mga benepisyaryong karapat-dapat para sa buong saklaw ng Medi-Cal, nang walang bahagi sa gastusin, na nangangailangan ng antas ng pangangalaga sa nursing na pasilidad at gustong tumira sa isang setting ng pangangalaga sa bahay o sa isang pampublikong pinopondohang pabahay para sa senior at/o may kapansanan. Upang maging karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo, dapat matugunan ng mga kalahok ng ALW ang mga sumusunod na pamantayan sa pagiging karapat-dapat: • 21 Taong gulang o mas matanda; • May full-scope na pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal na walang bahagi sa gastusin; • May mga pangangailangan sa pangangalaga na katumbas ng mga residente na pinopondohan ng Medi-Cal na nakatira at tumatanggap ng pangangalaga sa mga nursing na pasilidad; • Handang manirahan sa isang setting na tinutulungan ang pamumuhay bilang isang alternatibo sa isang nursing na pasilidad; • Kayang manirahan nang ligtas sa isang pasilidad na tinutulungan ang pamumuhay o pabahay na pinopondohan ng publiko; • Handang manirahan sa isang setting na tinutulungan ang pamumuhay na matatagpuan sa isa sa mga sumusunod na county na nagbibigay ng mga serbisyo ng ALW: Mga County ng Los Angeles at San Diego.	Ang mga kalahok ng ALW ay dapat may sapat na pondo upang bayaran ang kanilang kuwarto at board, na may ilang pondo na natitira upang matugunan ang mga personal at insidente na pangangailangan. Sa pagtukoy ng pagiging karapat-dapat, nalalapat ang mga panuntunan sa pag-iwas sa institusyon at pagdarahop ng asawa.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado	Ang inyong mga gastos
In-Home Supportive Services (IHSS) Tutulong ang IHSS Program na magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay sa inyo upang mananatili kayong ligtas sa sarili ninyong tahanan. Upang maging karapat-dapat, dapat kayo ay edad 65 taong gulang pataas, o may-kapansanan, o bulag. Ang IHSS ay itinuturing na isang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng bahay, tulad ng mga pasilidad ng nursing home o paninirahan at pangangalaga (board and care). Ang mga uri ng serbisyong maaaring pahintulutan sa pamamagitan ng IHSS ay paglilinis ng bahay, paghahanda ng pagkain, paglalaba, pamimili ng grocery, mga serbisyo ng personal na pangangalaga (tulad ng pangangalaga sa bituka at pantog, paliligo, mga serbisyo ng pag-aayos ng sarili at paramedical), pagsama sa mga medikal na appointment, at pangangasiwang nagbibigay ng proteksyon para sa may kapansanan sa pag-iisip. Makipag-ugnayan sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan o sa Mga Coordinator ng Pangangalaga upang malaman kung kayo ay karapat-dapat para sa mga serbisyong ito at para maging konektado.	\$0
Programang Maraming Layuning Serbisyo sa mga Senior (Multipurpose Senior Services Program, MSSP) Nagbibigay ang Waiver ng Programang Maraming Serbisyo para sa Nakatatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP) ng Home and Community-Based Services (HCBS) sa mga taong karapat-dapat ng Medi-Cal na 65 taong gulag o mas matanda pa at may kapansanan bilang alternatibo sa nursing facility placement. Nagbibigay-daan ang MSSP waiver sa mga tao na manatiling ligtas sa kanilang mga tahanan. Makipag-ugnayan sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan o Mga Coordinator ng Pangangalaga upang malaman kung kayo ay karapat-dapat para sa mga serbisyong ito at para maging konektado.	\$0
Mga resetang sinasaklaw ng Medi-Cal RX Ang ilang inireresetang gamot na ibinibigay ng botika o ng provider ay sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, isang Medi-Cal FFS na programa. Kung minsan, kinakailangan ang isang gamot at wala ito sa Listahan ng Mga Gamot na Nasa Kontrata. Kakailanganing aprubahan ang mga gamot na ito bago makuha ang mga ito sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras. Para malaman kung nasa Listahan ng Gamot na Nasa Kontrata ang isang gamot o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot na Nasa Kontrata, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711), pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home.	\$0



Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado	Ang inyong mga gastos
Mga Regional Center Ang mga regional center/sentrong panrehiyon ay mga nonprofit na pribadong korporasyon na nakipagkontrata sa Department of Developmental Services para makapagbigay o makapagsaayos ng mga serbisyo at suporta para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, o developmental disabilities. Mayroon silang mga tanggapan sa buong California upang makapagbigay ng mga lokal na mapagkukunan para tumulong sa paghahanap at pag-access ng maraming serbisyong available sa mga indibidwal at sa kanilang mga pamilya. Ang California ay may 21 regional center na may higit sa 40 tanggapan na matatagpuan sa buong estado na nagsisilbi sa mga indibidwal na may developmental disabilities at sa kanilang mga pamilya. Upang ma-access ang Direktoryo ng Mga Regional Center, pumunta sa website na ito: www.dds.ca.gov	\$0
Espesyalidad na kalusugan ng isip (Specialty mental health, SMH) Ibinibigay ang ilang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng mga plano para sa kalusugan ng isip ng county sa halip na ng Blue Shield TotalDual Plan. Kasama sa mga ito ang mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip (specialty mental health services, SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan sa pangangailangang medikal. Upang matuto pa tungkol sa mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng planong pangkalusugan ng isip ng county, maaari ninyong tawagan ang inyong planong pangkalusugan ng isip ng county. Para makita online ang mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx	\$0
Mga Serbisyo sa Problema sa Gumagamit ng Bawal na Gamot (Substance User Disorder Services, SUD) Nagbibigay ang county ng mga serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan sa pangangailangang medikal. Ang mga miyembrong natukoy para sa mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng bawal na gamot ay ire-refer sa kagawaran ng kanilang county para sa paggamot. Para makita sa online ang mga numero ng telepono ng lahat ng county, pumunta sa https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUDCountyAccessLines.aspx.	\$0



Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Ahensya ng Estado	Ang inyong mga gastos
Ilang partikular na serbisyo sa ngipin Makikita ang impormasyon para makipag-ugnayan ang miyembro ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Ngipin (Dental Managed Care, DMC) sa www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation. Para sa Medi-Cal Dental Fee-for-Service, makipag-ugnayan sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 o pumunta sa website sa smilecalifornia.org o sonriecalifornia.org.	\$0
Mga partikular na serbisyo ng pangangalaga sa hospisyong na sinasaklaw sa labas ng Blue Shield TotalDual Plan	\$0
Psychosocial na rehabilitasyon	\$0
Nakatuong pamamahala ng kaso	\$0
Rest home room at board	\$0



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

E. Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Customer Service sa 1-800-452-4413 (TTY: 711) upang alamin ang tungkol sa iba pang hindi kasama na serbisyo.

Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Blue Shield TotalDual Plan, Medicare, at Medi-Cal	
Mga serbisyong itinuturing na hindi “makatwiran at medikal na kinakailangan,” ayon sa mga pamantayan ng Medicare at Medi-Cal, maliban kung inilista namin ang mga ito bilang mga saklaw na serbisyo.	Mga pang-eksperimentong medikal at pang-operasyong paggamot, bagay, at gamot, maliban kung sinasaklaw ang mga ito ng Medicare, isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na inaprubahan ng Medicare, o ng aming plano. Tingnan ang Kabanata 3 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga klinikal na pananaliksik at pag-aaral. Ang pang-eksperimentong paggamot at mga item ay mga paggamot at item na hindi tinatanggap sa pangkalahatan ng medikal na komunidad.
Pang-operasyong paggamot para sa nakamamatay na labis na katabaan, maliban kung medikal na kinakailangan at babayaran ito ng Medicare.	Pribadong kwarto sa isang ospital, maliban kung medikal na kinakailangan.
May private duty na nurse	Mga personal na bagay sa inyong kwarto sa isang ospital o pasilidad ng pag-aalaga, gaya ng telepono o telebisyon.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

F. Ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Blue Shield TotalDual Plan, mayroon kayong partikular na karapatan. Magagamit mo ang mga karapatang ito nang hindi napaparusahan. Maaari mo ring gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa inyong mga karapatan nang hindi kukulangin sa isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon sa inyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kabilang sa inyong mga karapatan ang mga sumusunod, pero maaaring may iba pa:

- **Mayroon kayong karapatan sa paggalang, pagkamakatarungan at dangal.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Makatanggap ng mga saklaw na serbisyo nang hindi nag-aalala sa inyong kundisyong medikal, kalagayan ng kalusugan, paggamit ng mga serbisyong pangkalusugan, karanasan sa mga claim, kasaysayang medikal, kapansanan (kabilang ang kapansanan sa pag-iisip), katayuan sa pag-aasawa, edad, kasarian (kabilang ang mga stereotype sa kasarian at kinikilalang kasarian), sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, lahi, kulay, relihiyon, paniniwala, o pagtanggap ng pampublikong tulong
 - Makakuha ng impormasyon sa iba pang wika at format (halimbawa, malalaking letra, braille, o audio) nang libre
 - Maging malaya mula sa anumang uri ng pisikal na pagpigil o paghihiwalay
- **Mayroon kayong karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.** Kabilang dito ang impormasyon sa panggagamot at iyong mga opsyon sa panggagamot. Ang impormasyong ito ay dapat na nasa wika at format na nauunawaan ninyo. Kabilang dito ang karapatang makakuha ng impormasyon sa:
 - Paglalarawan ng mga serbisyong sinasaklaw namin
 - Kung paano makakakuha ng mga serbisyo
 - Magkano ang gagastusin mo sa mga serbisyo
 - Pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan
- **Mayroon kayong karapatang magpasya tungkol sa inyong pangangalaga, kabilang ang pagtanggig ng paggamot.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) at palitan ang inyong PCP anumang oras sa buong taon
 - Gumamit ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan nang walang referral
 - Makuha kaagad ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
 - Alamin ang tungkol sa lahat ng opsyon sa paggamot, kahit ano pa man ang kanilang halaga o kung saklaw man sila ng inyong benepisyo o hindi
 - Tanggihan ang paggamot, kahit hindi ito ipinapayo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Ihinto ang pag-inom ng gamot, kahit hindi ito ipinapayo ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Humingi ng ikalawang opinyon. Babayaran ng Blue Shield TotalDual Plan ang gastusin ng inyong pagbisita para sa ikalawang opinyon
 - Ipaalam ang inyong mga ninanais na pangangalagang pangkalusugan sa paunang direktiba



- **May karapatan kayong makatanggap ng napapanahong pangangalaga na walang sagabal sa komunikasyon o pisikal na pag-access.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Makakuha ng medikal na pangangalaga sa tamang panahon
 - Magpabalik-balik sa tanggapan ng isang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito na walang balakid na pag-access para sa mga taong may mga kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
 - May mga interpreter upang tumulong sa pakikipag-usap sa inyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa inyong planong pangkalusugan
- **May karapatan kayong maghanap ng pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo ito.** Nangangahulugan ito na may karapatan kayong:
 - Makakuha ng mga pang-emergency na serbisyo nang walang paunang pahintulot sa isang emergency
 - Gumamit ng isang provider ng agaran o pang-emergency na pangangalaga sa labas ng network, kapag kailangan
- **Mayroon kayong karapatan sa pagkakumpidensyal at pagkapribado.** Kabilang dito ang mga sumusunod, pero maaaring may iba pa:
 - Humingi at makakuha ng kopya ng inyong mga talaang medikal sa paraang nauunawaan ninyo at hilinging baguhin o itama ang inyong mga talaan
 - Panatilihin pribado ang inyong personal na impormasyon sa kalusugan
 - Suriin ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado para sa paglalarawan kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang impormasyong medikal tungkol sa inyo at kung paano kayo magkakaroon ng access sa impormasyong ito:
<https://www.blueshieldca.com/en/bsp/about-blue-shield-promise-health-plan/notice-of-privacy-practice>
- **May karapatan kayong maghain ng reklamo o umapela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo, pakitingnan ang section G sa ibaba.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga provider
 - Umapela ng ilang partikular na pasya namin o ng aming mga provider
 - Maghain ng reklamo sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care, DMHC) sa pamamagitan ng walang bayad na numero ng telepono (1-888-466-2219), o TDD line (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang website ng DMHC (www.dmhc.ca.gov/) ay mayroong mga form ng reklamo, form ng aplikasyon para sa Independent Medical Review (IMR) at mga tagubilin na maaaring matagpuan sa online.
 - Humiling sa DMHC para sa IMR na mga serbisyo o item ng Medi-Cal na may katangiang pang-medikal
 - Humiling ng Pagdinig ng Estado
 - Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo at humingi ng mga libreng kopya ng lahat ng impormasyong ginamit sa pagpasya



Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari kayong tumawag sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711).

Maaari rin ninyong tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga may Medicare at Medi-Cal sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9:00 a.m. at 5:00 p.m., o ang Opisina ng Ombudsman ng Medi-Cal sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m.

G. Paano maghain ng reklamo o umapela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo

Kung mayroon kayong reklamo o kung sa tingin ninyo ay hindi tama ang pagtanggap, pagka-antala, o pagbago ng serbisyo ng Blue Shield TotalDual Plan, tumawag sa Customer Service sa 1-800-452-4413 (TTY: 711). Maaari din kayong magsumite ng nakasulat na reklamo sa Blue Shield TotalDual Plan, P.O. Box 927, Woodland Hills, CA 91365-9856. Maaari kang umapela sa aming pasya.

Para sa mga tanong tungkol sa reklamo at apela, maaari ninyong basahin ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro*. Maaari rin kayong tumawag sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711).

Makipag-ugnayan sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care, CDMHC) para sa libreng tulong. Ang DMHC ay responsable sa pagkontrol sa mga planong pangkalusugan. Tinutulungan ng DMHC ang mga taong may mga apela tungkol sa mga serbisyo ng Medi-Cal o mga problema sa pagsingil. Ang numero ng telepono ay 1-888-466-2219. Maaaring gamitin ng mga indibidwal na may kapansanan sa pandinig, hirap makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita ang walang bayad na numero ng TDD, 1-877-688-9891.



Kung mayroon kang tanong, mangyaring tumawag sa Blue Shield TotalDual Plan sa 1-800-452-4413 (TTY: 711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa www.blueshieldca.com/medicare.

H. Ano ang dapat gawin kung may pinanghihinalaan kayong pandaraya

Ang karamihan ng mga propesyonal at organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nagkakaloob ng mga serbisyo ay matapat.

Sa kasamaang-palad, maaaring may ilang manloloko.

Kung sa palagay ninyo ay may maling ginagawa ang isang doktor, ospital, o ibang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa Customer Service ng Blue Shield TotalDual Plan. Ang mga numero ng telepono ay ang mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.
- O, tumawag sa Customer Service Center ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555. Maaaring tumawag ang mga TTY User sa 1-800-430-7077.
- O, tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga TTY User sa 1-877-486-2048. Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre.



Kung mayroon kayong mga karaniwang tanong o tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, lugar ng serbisyo, pagsingil, o Member ID Card, pakitawagan ang Blue Shield TotalDual Plan Customer Service:

1-800-452-4413

Libre ang tawag sa numerong ito. 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo.

Ang Customer Service ay mayroon ding libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na makukuha para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.
TTY: 711

Ang numerong ito ay nangangailangan ng espesyal na kagamitan sa telepono at para lang sa mga taong may mga problema sa pandinig o pagsasalita.

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa inyong kalusugan:

Tumawag sa inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP).. Sundin ang mga tagubilin ng inyong PCP sa pagkuha ng pangangalaga kapag sarado ang tanggapan.

Kapag sarado ang tanggapan ng inyong PCP, maaari rin kayong tumawag sa Blue Shield of California Nurse Advice Line. May nurse na makikinig sa inyong problema at sasabihin sa inyo kung paano makakakuha ng pangangalaga. (*Halimbawa:* madaling makuhang pangangalaga, agarang pangangalaga, emergency room). Ang mga numero para sa Blue Shield of California Nurse Advice Line ay:

(877) 304-0504

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang Blue Shield TotalDual Plan ay mayroon ding libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na available para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali sa Los Angeles County, pakitawagan ang Access at Crisis Line ng Los Angeles County:

1-800-854-7771

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang Blue Shield TotalDual Plan ay mayroon ding libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na available para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali sa San Diego County, pakitawagan ang Access at Crisis Line ng San Diego County:

1-888-724-7240

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ang Blue Shield TotalDual Plan ay mayroon ding libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na available para sa mga taong hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.



Handa kaming tumulong

Kontakin ang Blue Shield sa **(800) 452-4413 (TTY: 711) 8 a.m. hanggang 8 p.m. PT, pitong araw sa isang linggo.**

Ang Blue Shield of California ay isang HMO D-SNP plan na may kontrata sa Medicare at may kontrata sa California State Medicaid Program. Nakadepende ang enrollment sa Blue Shield of California sa pag-renew ng kontrata.

Ang Amazon Pharmacy ay hiwalay sa Blue Shield of California at kinontrata ng Blue Shield para magbigay ng serbisyo ng paghahatid sa bahay ng mga inireresetang gamot para sa mga miyembro ng Blue Shield.

Ang SilverSneakers ay isang rehistradong trademark ng Tivity Health, Inc. © 2025 Tivity Health, Inc. Nakareserba ang lahat ng karapatan.

Ang Blue Shield TotalDual at NurseHelp 24/7 ay mga tatak ng serbisyo ng Blue Shield of California. Ang Blue Shield at ang simbolong Shield ay mga rehistradong trademark ng BlueCross BlueShield Association, isang samahan ng hiwalay na plano ng Blue Cross at Blue Shield.

The company complies with applicable state laws and federal civil rights laws and does not discriminate, exclude people, or treat them differently on the basis of race, color, national origin, ethnic group identification, medical condition, genetic information, ancestry, religion, sex, marital status, gender, gender identity, sexual orientation, age, mental disability, or physical disability. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適用的州法律和聯邦民權法律，並且不會以種族、膚色、原國籍、族群認同、醫療狀況、遺傳資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人。